



Kyo.Prot.N.50/2021

Sa Mga Mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto

**Mensahe Mula sa Obispo sa Pagdiriwang ng
Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Mahal na Inang Maria sa Langit Taong 2021**

Sa mga mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto, batid nating lahat ang patuloy na pagtaas ng timaan ng sakit na COVID-19. Dahil dito, sa pagdiriwang natin ng Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Mahal na Inang Maria sa Langit, itaas natin sa Diyos, sa pamamagitan ng Mahal na Inang Maria, na mag wakas na ang sakit dulot ng COVID-19.

Mahal na Ina ng Diyos, aming Inang Maria, ang malagim na sitwasyong ito, na kung saan ang buong mundo po ay biktima ng pagdurusa at pagkabalisa, kami po ay lumalapit sa iyo, naghahanap ng proteksyon at mapagkakanlungan. Birheng Inang Maria, sa gitna ng pandemya na coronavirus ibaling mo nawa sa amin ang iyong mga maawaing mata. Ingatan mo po kami sa pagkabalisa dulot ng panahong ito, lalung-lalo na ang mga maysakit at patuloy na nagdurusa dahil dito, ang kanilang pamilya, at ang mga natatakot na mahawa. Nawa po'y agarang matapos na ang pagkalat ng impeksyon dulot ng pandemyang ito.

■ Para kay Obispo Emeritus Raymond Ken'ichi Tanaka, D.D.

Noong nakaraang Hulyo 29, si Obispo Emeritus Tanaka ay sumakabilang buhay habang nasa Ospital sa Uwajima. Ngayong darating na ika 31 ng Agosto, siya sana ay mag diriwang ng kanyang ika 94 na taong kaarawan. At ganun din, sa darating na ika 12 ng Disyembre ay ang kanyang ika 70 taong anibersaryo sa kanyang pagka pari. Nais kong ipaabot ang aking taos pusong pasasalamat kay Bishop Tanaka sa kanyang pag-aalay ng kanyang buhay. Nawa ay isama ninyo sa inyong mga panalangin ang kaluluwa ni Bishop Tanaka.

■ Para sa mga Lolo't Lola, Nakatatanda at mga may Sakit

Sa pagdiriwang ng Kapistahan ng mga Magulang ni Santa Maria na sina Santa Ana at San Joachim noong nakaraang ika 26 ng Hulyo, ang Santo Papa Francisco, bilang pag kilala sa natatanging ambag sa lipunan ng mga Lolo't Lola at mga Nakatatanda, ay itinalaga ang nakaraang ika 25 ng Hulyo (Linggo) bilang unang "Pandaigdigang Araw ng mga Lolo't Lola at mga Nakatatanda." Dahil dito, inaanyayahan niya tayo na bisitahin, kumustahin at kausapin sila lalo na ang mga nalulumbay dala ng kalungkutan nang sa ganon ay maipaalala sa kanila ang pangako ni Hesus na "Kasama ninyo Ako lagi" (Mateo 28:20). Ngayong bakasyon sa tag-init, bagamat hindi natin mabisita ang mga maysakit at ang mga nakatatanda dahil sa COVID-19, sa mga namumuhay na malayo sa kani-kanilang pamilya, habang iniisip natin ang kaligtasan at kalusugan ng bawat isa, hindi nawa ito maging hadlang upang magkaroon tayo ng komunikasyon sa bawat isa.

■ Para sa mga Nababahala dahil sa COVID-19

Sa mga lubhang nababahala dahil sa tumatagal na problema dulot ng Covid-19, gayun din sa mga naging biktima ng malakas na bagyo at madalas na pag ulan, nawa'y mapag tagumpayan nila ang mahirap na sitwasyon na ito sa tulong at pag kalinga ng Mahal na Ina. Mahal na Inang Maria, aliw ng mga namimighati at nalulumbay, yakapin mo po ang mga anak mo. Ipanalangin mo po sa Makapangyarihang Diyos na iunat ang Kanyang mga kamay at ilitas kami mula sa kakila-kilabot at nakakahawang sakit na ito. Amen.

Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Mahal na Inang Maria sa Langit

August 15, 2021

✚ Most Rev. Paulo Otsuka Yoshinao, D.D.

Obispo ng Diyosesis ng Kyoto